

MAIKLING BIOGRAPIYA NI DOC YAYET

Si **Dr. Clarence M. Batan, PhD sa larangan ng Sosyolohiya**, ay isinilang at lumaki sa Binangonan, Rizal. Mas kilala siya sa palayaw na “Yayet” ng kanyang pamilya, mga mahal sa buhay at mga malalapit na kaibigan.



Nagtapos siya ng elementarya sa Binangonan Elementary School bilang valedictorian. Sa Binangonan Catholic High School, na ngayon ay Binangonan Catholic College (BCC), si Yayet ay hinubog bilang isang lider-estudyante, declaimer, manunula, mananalumpati at manunulat ng mga tula’t sanaysay. Kabahagi ng samu’t saring awards, siya rin ay nagtapos bilang valedictorian sa BCC noong 1991. Sa BCC rin niya sinimulan ang mga proyektong pampamayanan, pang-kabataan at pang-kalikasan sa pamamagitan ng organisasyong, *PUNLA: Kabataan Para sa Kalikasan*.

Noong 1995, nagtapos siya ng *Bachelor of Arts in Sociology* sa University of Santo Tomas (UST) bilang *Magna Cum Laude* kasama ang lahat ng university awards na ibinibigay sa isang UST student. Nakamit niya ang *Benavides Award for Civic Achievement*, ang *Quezon Award for Outstanding Leadership* at ang *Rector’s Award for Academic Excellence*. Dahil dito, ipinagkaloob kay Yayet ang pinakataas na UST student award, ang *Santo Tomas Aquinas Award for Exceptionally Outstanding Performance*. Sa pareho ring taon, itinuring siyang *One of the Ten Outstanding Students of the Philippines* na ipinagkaloob ng dating Pangulo Fidel V. Ramos sa Malacañan Palace. Nagtapos siya ng *Masters of Arts in Sociology* sa University of the Philippines (UP), Diliman, Quezon City kung saan ang kanyang thesis na tungkol sa buhay ng mga piling kabataan sa isla ng Talim ay ginawaran ng best thesis award, ang *Lourdes Lontok Award for using Gender-sensitive and Creative Methodologies* ng Center for Women’s Studies, UP. Ito ang nagbigay inspirasyon upang ilathala niya ang kanyang unang libro na pinamagatang, *TALIM: Mga Kuwento ng Sampung Kabataan (2000)*.

Noong 2002, nahirang si Yayet bilang *Government of Canada Award Scholar*, isang scholarship award para mag-aral ng kanyang *doctorate degree* sa Canada. Nagpakadaluhasa siya sa larangan ng *sociology of children and youth* sa Dalhousie University, Halifax, Nova Scotia sa loob ng pitong taon, na kung saan, pinag-aralan niya ang kalakaran ng buhay ng mga istambay at proseso ng pagiging tambay sa Pilipinas. Tinapos niya ang kanyang *Doctor of Philosophy in Sociology* noong 2010.

Noong Hunyo, 2012, si Doc Yayet ay naging isang research fellow sa Brown University sa United States of America bilang bahagi ng *2012 Brown International Advanced Research Institutes (BIARI)* na kung saan ibinahagi niya ang kanyang disertasyon tungkol sa mga istambay sa Pilipinas. At noong Abril hanggang Hunyo, 2013, bumalik si Doc Yayet sa Brown University upang ipagpatuloy ang kanyang pananaliksik bilang isang research fellow sa ilalim ng programang *BIARI Residency Award*.

Si Doc Yayet ay nakapaglathala na ng kanyang mga research studies sa mga local-refereed journals at international academic book. Maliban sa *TALIM*, ang kanyang ikalawang librong pinamagatang, *Batong Bahay: Naratibo ng Kahirapan at Tagumpay ng Isang Karaniwang Pamilyang Pilipino (2010)*, ay inilathala para sa kanyang mga magulang at mga mahal sa buhay upang katawanin ang kahalagahan ng mga kuwento't kasaysayan ng masang Pilipino. Ilan sa kanyang mga pananaliksik nitong mga nakaraang taon ay *Researching Student Affairs and Services (SAS) (2015)*, isinulat kasama sina Abenir at Songco, inilathala ng UST Publishing House; isang kabanata tungkol sa mga istambay, *The Filipino Istambays (On Standbys) and Transition Crises: Locating Spaces of Social Sufferings and Hope (2016)* bilang bahagi ng librong may pamagat na, *Youth and Inequality on Education: Global Actions in Youth Work (M. Heathfield & D. Fusco, Eds.)* na inilathala ng Routledge; at isang artikulo na isinulat niya kasama ang kanyang estudyante sa Sosyolohiya na si Christian Josua Lomahan, *Ang Hanapbuhay sa Pelikula: Contesting Representations of Work in Filipino Films, 1970s to 2010s*, na inilathala sa *Philippine Sociological Review* (Vol. 64, Special Issue, 73-102).

Bahagi din si Doc Yayet bilang Vice President for Asia ng *Research Committee 34 – Sociology of Youth* ng *International Sociological Association*. Siya rin ay kasalukuyang Pangulo ng *Philippine Sociological Society* (2017-2018).

Si Doc Yayet ay naging direktor ng *Research Center on Culture, Education and Social Issues* sa UST noong 2015 hanggang 2016. Sa kasalukuyan, siya ay isang *Propesor ng Sosyolohiya ng Faculty of Arts and Letters, Ecclesiastical Faculty of Philosophy at Graduate School*; at isang *Research Associate ng Research Center on Social Sciences and Education*, lahat sa UST. Si Doc Yayet rin ay hinirang ng Commission on Higher Education bilang *Chairperson at Committee Member* ng Technical Committee for Sociology upang sumuri ng mga guidelines ng pagtuturo ng Sociology sa mga kolehiyo at unibersidad sa buong bansa, at consultant para sa Araling Panlipunan Grades 10, 11 & 12 ng Department of Education. Patuloy siyang nagsasaliksik sa buhay ng mga istambay sa bansa at pinamumunuan ang *National Catechetical Study (NCS)* na kinomisyon ng Catholic Bishops' Conference in the Philippines (CBCP) Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE) mula 2016-2018.

Ang nagpapanatili ng katinuan at nagpapakiliti sa diwa't isipan ni Doc Yayet ay ang masalimuot na problemang-panlipunan sa Pilipinas na aktibong nagkikipagdayalogo sa mundo; ang minsanang pakikisalo niya sa mga proyektong pampamayanan at pang-kabataan; at ang madalas na pakikipagtagpo niya sa mga libro, awit, tula at pelikulang kumakatawan sa kulturang-Pinoy. Ngunit ang nagpapapula sa kanyang puso ay ang pagkalinga't pagmamalasakit ng kanyang pamilya na kung saan nadarama niya ang tensiyon ng buhay, kahulugan ng pagmamahal at patnubay ng Poong Maykapal.